# PAUNAWA MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA
# Kodigo ng Sibil na Pamamaraan Seksyon 1179.04(c)

Ang Lehislatura ng California ay nagpahaba sa COVID-19 Tenant Relief Act. Ang batas ngayon ay pumoprotekta sa mga nangungupahan na nakaranas ng kagipitang pinansyal kaugnay sa COVID-19 mula sa pagiging mapatalsik na nabigo sa pagbayad ng arkila na dapat bayaran sa pagitan ng Marso 1, 2020, at Setyembre 30, 2021.

Ang "Kagipitang pinansyal kaugnay sa COVID-19" ay nangangahulugan ng alinman sa sumusunod:

1. Nawalan ng kita dahil sa pandemyang COVID-19.
2. Tumaas na labas sa bulsang mga gastusin na direkta sa kaugnay na pagsasagawa ng mahalagang trabaho sa panahon ng pandemyang COVID-19.
3. Tumaas na mga gastusin na direkta sa kaugnay na epekto ng kalusugan ng pandemyang COVID-19.
4. Mga responsibilidad sa pag-aalaga ng bata o mga responsibilidad sa pag-aalaga ng nakatatanda, may kapansanan, o miyembro ng pamilya na may sakit na direktang kaugnay sa pandemyang COVID-19 na naglimite sa iyong kakayahan na kumikita.
5. Tumaas na mga gastusin para sa pag-aalaga ng bata o sa pagbabantay ng nakatatanda, may kapansanan, o miyembro ng pamilya na may sakit na direktang kaugnay sa pandemyang COVID-19.
6. Iba pang mga pangyayari na kaugnay sa pandemyang COVID-19 na nagpapaliit ng iyong kita o nagpapataas ng iyong mga gastusin.

Ang batas na ito ay magbibigay sa iyo ng sumusunod na mga proteksyon:

1. Kapag nabigo ka sa mga pagbabayad na tumama sa pagitan ng Marso 1, 2020, at Agosto 31, 2020, dahil sa nabawasan ang iyong kita o tumaas na mga gastusin dahil sa pandemyang COVID-19, na inilarawan sa itaas, hindi ka mapapatalsik batay sa hindi pagbabayad na ito.
2. Kung hindi ka nakapagbayad sa mga bayarin na arkila sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Setyembre 30, 2021, dahil sa nabawasan ang kita o tumaas na mga gastusin dahil sa pandemyang COVID-19, ayon sa inilarawan sa itaas, hindi ka mapapatalsik kung ikaw ay magbayad ng 25 porsiyento ng mga bayaring arkila na dapat bayaran sa panahon na iyon o bago ang Setyembre 30, 2021.

Dapat magbigay ka, sa iyong maylupa, ng isang pahayag sa ilalim ng parusa ng pagsira sa banal na pangako sa iyong kagipitang pinansyal kaugnay sa COVID-19 na magpapatunay ng nabawasang kita o tumaas na mga gastusin dahil sa pandemyang COVID-19 upang mapoprotektahan sa mga limitasyon ng pagpapatalsik na inilarawan sa itaas. Bago ang iyong maylupa ay makakahanap ng pagpapatalsik sa iyo sa pagkabigo na magbayad ng mga bayarin sa pagitan ng Marso 1, 2020, at Setyembre 30, 2021, ang iyong maylupa ay kailangang magbigay sa iyo ng 15-araw na paunawa na magbigay-alam sa iyo ng mga halaga na inutang at maglakip ng walang laman na form ng pahayag na magagamit mo na sundin ang kinakailangan na ito.

Kung ang iyong maylupa ay may pruweba na naka-file na nagpapahiwatig na ang iyong sambahayan ay kumikita ng hindi mababa sa 130 porsiyento ng kalagitnaang kita para sa county na kung saan ang pag-aarkila ng ari-arian ay natagpuan, ayon sa inilathala ng Department of Housing and Community Development sa Official State Income Limits para sa 2020, ang iyong maylupa ay maaring kailanganin ka na magbigay ng dokumentasyon na magpapakita na naranasan mo ang pagbaba ng kita o pagtaas ng mga gastusin dahil sa pandemyang COVID-19. Dapat sasabihin ng iyong maylupa sa loob ng 15-araw na paunawa kung ang iyong maylupa ay kailangan ang dokumentasyon na iyon. Anumang anyo ng mapapatunayan na layunin ng dokumentasyon na nagpapakita na ang pinansyal na epekto na iyong naranasan ay sapat, kabilang ang isang sulat galing  sa iyong maypagawa, isang tala ng insyurans na walang trabaho, o medikal na mga bayarin, at maaaring ibigay upang masisiyahan ang kinakailangan na dokumentasyon.

Mahalaga na hindi mo ibale-wala ang 15-araw na paunawa upang magbayad ng arkila o titigil o isang paunawa upang magsagawa ng mga tipan o titigil sa iyong maypagawa. Kung ikaw ay pinagsilbihan ng 15-araw na paunawa at hindi magbibigay ng pahayag na form sa iyong maylupa  bago ang 15-araw na paunawa ay mawawalan ng bisa, ikaw ay maaaring mapatalsik. Maaari ka rin na mapapatalsik simula sa Oktubre 1, 2021 kung ikaw ay may utang na mga arkila na dapat babayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Setyembre 30, 2021, at hindi ka nagbayad ng halaga na katumbas sa hindi mababa sa 25 porsiyento sa mga bayarin na hindi nabayaran sa panahong iyon.

MAAARI KANG MAGING KWALIPIKADO PARA SA TULONG SA PAG-ARKILA. Dagdag sa pagpapahaba sa mga proteksyon na pagpapatalsik, ang Estado ng California, sa pakikipagsosyo sa federal at lokal na mga pamahalaan, ay naglikha ng programang pang-emerhensya na tulong sa arkila upang tulungan ang mga nangungupahan na walang kakayahan na magbayad sa kanilang arkila at mga bayarin ng kagamitan bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Ang programang ito ay maaaring makakatulong sa iyo na makakahabol sa hindi nabayarang mga bayarin sa nakaraan.  Dagdag pa, magdedepende sa makukuhang mga pondo, ang programa ay maaari din na makakatulong sa iyo na makakagawa ng mga pagbabayad ng arkila sa hinaharap.

Habang hindi lahat ay maging kwalipikado para sa tulong na ito, maaari kang mag-aplay nito na  hindi alintana ang kalagayan ng iyong pagkamamamayan o imigrasyon. Walang sisingilin sa pag-aplay para o sa pagtanggap ng tulong na ito.

Karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapahaba sa COVID-19 Tenant Relief Act at bagong estado o mga programa na tulong sa lokal na pag-arkila kabilang ang karagdagang impormasyon tungkol kung paano maging kwalipikado para sa tulong, ay makikita sa pamamagitan ng pagbisita sa HousingisKey.com. o sa pagtawag sa 1-833-430-2122.”